# PAGPAPALAGLAG GAMIT LAMANG **ANG MISOPROSTOL**

Ang impormasyong ito ay mahalaga para lamang sa mga magpapalaglag gamit ang tableta, na **nagbubuntis ng mababa sa 13 linggo** mula sa unang araw ng iyong huling regla.

## MGA KONTRAINDIKASYON GAMIT ANG TABLETA NG PAGPAPALAGLAG

Napakaligtas ang medikal na pagpapalaglag para sa karamihan ng mga tao, ngunit may ilang mga kontraindikasyon sa paggamit ng mga tableta sa pagpapalaglag.

### *HINDI* inirerekomenda ang paggamit ng Mifepristone kung:

- Gumagamit ka ng *pangmatagalang steroid*, tulad ng prednisone o dexamethasone.
- Mayroon kang *sakit sa pagdurugo* tulad ng Porphyria.
- Mayroon kang *chronic adrenal failure*.

*Gayunpaman, maaari kang magpalaglag **gamit lamang ang misoprostol.***

### *HINDI* inirerekomenda ang *PAREHONG paggamit ng* mifepristone at misoprostol kung:

- Gumagamit ka ng mga *anticoagulants* (mga pampanipis ng dugo), tulad ng Heparin at Warfarin.
- Ikaw ay *allergic* sa mifepristone, misoprostol o prostaglandin.
- Mayroon kang *ectopic pregnancy* (sa labas ng matris).

*Hindi nakakasama ang paggamit ng mga tableta sa pagpapalaglag kung may ectopic pregnancy, ngunit hindi nito **natatapos ang pagbubuntis**. Kung may hinala kang may ectopic pregnancy, **humingi kaagad ng medikal na pangangalaga**.*

**Ang pagkakaroon ng IUD (intra-uterine device) ay hindi isang kontraindikasyon sa paggamit ng mga tableta sa pagpapalaglag, gayunpaman:**

- Mas mataas ang panganib na magkaroon ng ectopic pregnancy kung may IUD.
- Mas magiging matindi ang cramping.
- Mas ligtas na alisin ang IUD bago gamitin ang mga tableta sa pagpapalaglag.

## PROSESO NG PAGGAMIT NG MGA TABLETA SA PAGPAPALAGLAG


Mifepristone
*200 mg*
**1 tableta**

Ibuprofen[1]
*800 mg*
**1 tableta**

Misoprostol[2]
*200 mcg*
**4 hanggang 8 pills[3]**


**1** Lunukin ang **1 tableta na mifepristone** *(200 mg)* na may tubig.

**Maghintay ng 24–48 oras**




**2** Uminom ng **800 mg na ibuprofen.**

**Maghintay ng 30 minuto**



**3** Maglagay ng **4 na tableta ng misoprostol** tableta *(200 mcg bawat isa)* sa ilalim ng iyong dila at panatilihin sa loob ng 30 minuto.

*Pagkatapos ng 30 minuto, maaari kang uminom ng tubig at lunukin ang natitirang tableta.*



**4** **Kung kinakailangan:** karagdagang dose ng misoprostol.

**a)** Kung wala ka pang **9 linggong buntis at kakaunti o walang pagdurugo** sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng unang dose ng misoprostol, **ulitin ang step 3.**

**b)** Kung ikaw ay **9–13 linggong buntis**, inirerekomenda ang paggamit ng pangalawang dose ng misoprostol para sa mas magandang resulta.

**Maghintay ng 4 oras** pagkatapos ng unang dose sa Step 3, pagkatapos **maglagay ng 4 na karagdagang tableta ng misoprostol** (200 mcg bawat isa) sa ilalim ng iyong dila at panatilihin sa loob ng 30 minuto.

[1] Makipag-ugnayan sa aming mga tagapayo upang talakayin ang alternatibong gamot kung allergic ka sa ibuprofen.
[2] Ang mga tabletang ito ay matatagpuan sa iba pang mga hugis at anyo depende sa kung saang galing na bansa.
[3] Mas mainam na magkaroon ng dagdag na dose na 4 na tableta ng misoprostol katumbas ng 8 na tableta sa kabuuan, kung sakaling kailanganin mo ang mga ito upang matiyak na kumpleto ang pagpapalaglag. Gayunpaman, maaari mo pa ring gamitin ang Misoprostol kung mayroon ka na lamang na apat na tableta.

## MGA SIDE EFFECTS NG TABLETA NG PAGPAPALAGLAG

Karamihan sa mga tao ay hindi nakakaramdam ng **anumang mga sintomas pagkatapos uminom ng mifepristone**, ngunit ang ilan ay maaaring magkaroon ng pagduduwal o bahagyang pagdurugo.

Pagkatapos uminom ng **misoprostol**, maaaring magsimula ang **cramping at pagdurugo** sa loob ng 30 minuto o umabot ng hanggang 24 na oras. Ang malakas na cramps ay normal dahil ang matris ay nagkokontrak upang alisin ang pagbubuntis.

**Ang pagdurugo ay maaaring pareho o mas malakas kaysa sa regla**, na may kasamang namuong dugo at tissue, na may iba't ibang laki depende sa kung gaano katagal ang pagbubuntis. Ang tagal ng matinding pagdurugo at intensity ng cramps ay nag-iiba sa bawat tao.

Ang **misoprostol** ay maaaring magdulot ng mga side effect na **dapat mawala sa loob ng 24 oras**, tulad ng:


pagdudumi


pagduduwal


pagsusuka


pagkahilo


sakit ng tiyan


sakit ng ulo


lagnat


panginginig


## MGA BABALA SA PAGGAMIT NG MGA TABLETA SA PAGPAPALAGLAG

**Mayroong ilang mga palatandaan ng babala na nangangailangan ng agarang medikal na atensyon.** Bihira ang mga ito, ngunit kung mayroon kang alinman sa mga sintomas, humingi kaagad ng tulong.[1]

- **Malakas na pagdurugo**

  Dalawa o higit pang pad ang napuno (sa harap, likod at gilid) sa loob ng 1 oras o mas mababa.

  *Tumatagal ng **2 oras o higit pa**.*



- **Lagnat**


  Lagnat na 38 degrees Celsius (100.4°F) o higit pa na nagsisimula 24 oras pagkatapos gamitin ang huling dose ng misoprostol at hindi bumaba pagkatapos uminom ng ibuprofen.

  *Palaging **kumpirmahin gamit ang thermometer.***





- **Matinding sakit**

  Matinding pananakit na hindi gumagaling pagkatapos uminom ng gamot sa pananakit.



- **Ibang-iba ang dugo sa iyong regular na regla**

  Ang sobrang sakit at/o ang pagkakaroon ng kakaibang kulay o masamang amoy sa iyong dugo, tulad ng mabahong discharge, ay maaaring senyales ng impeksyon.



- **Reaksyon sa allergy**

  Nakakaranas ng pamumula, pangangati, o pamamaga ng leeg, mukha, o kamay ay mga palatandaan ng allergic reaction sa gamot. Maaari kang gumamit ng antihistamine, ngunit kung **nahihirapan kang huminga**, ito ay napakalubhang allergic reaction at kailangan mo kaagad ng medikal na atensyon.



[1] Ang mga tableta sa pagpapalaglag ay hindi nakikita kapag ginamit sa ilalim ng dila. Kung kailangan mo ng tulong, hindi mo kailangang sabihin ang paggamit sa mga ito.


## MGA PAG-IINGAT NA DAPAT GAWIN PAGKATAPOS NG ISANG PAGPAPALAGLAG GAMIT ANG MGA TABLETA

Sa mga linggo pagkatapos ng iyong pagpapalaglag gamit ang mga tableta, **gawin ang mga pag-iingat na ito.**


Inirerekomenda ang **paggamit ng mga pad** upang subaybayan ang iyong pagdurugo sa mga unang araw ng pagpapalaglag, ngunit pagkatapos ay maaari kang lumipat sa mga tampon o menstrual cup sa sandaling maging komportable ka.




**Maaari kang makipagtalik kapag handa ka na**; ang pinakamahalaga ay makinig sa iyong katawan at pagnanais.




Maaari kang bumalik sa iyong mga **normal na aktibidad** (ehersisyo, trabaho, atbp.) **sa sandaling pakiramdam mo ay handa ka na.**



Sa loob lamang ng dalawang linggo pagkatapos ng pagpapalaglag, **maaari ka ng mabuntis muli.**



Normal na makaramdam ng **iba't ibang emosyon** pagkatapos ng pagpapalaglag. Kung kailangan mo ng suporta, makipag-usap sa taong pinagkakatiwalaan mo.



## PAANO MALAMAN KUNG ANG MGA TABLETA SA PAGPAPALAGLAG AY EPEKTIBO

**Ang pagpapalaglag gamit ang mga tableta ay tumatagal ng humigit-kumulang 15 araw upang makumpleto.**


### Mga sintomas ng pagbubuntis

**Ang mga sintomas ng pagbubuntis ay dapat mawala sa susunod na ilang linggo pagkatapos gamitin ang mga tableta.** Nagpapahiwatig itong gumana ang pagpapalaglag. Ang pagduduwal at madalas na pag-ihi ay karaniwang humihinto sa loob ng ilang araw, habang ang mga sintomas tulad ng pananakit ng dibdib ay maaaring tumagal ng hanggang 10 araw.

### Kinukumpirma ang matagumpay na aborsyon o pagpapalaglag sa pamamagitan ng pregnancy test


Maaaring gawin ang pregnancy test upang kumpirmahin kung matagumpay ang pagpapalaglag.

**Pagsusuri sa Ihi (HCG)**



- Maaaring gawin sa bahay.
- Maghintay ng **4 hanggang 5 linggo pagkatapos** uminom ng mga tableta para sa tamang resulta. Ang pagkuha nito nang mas maaga ay maaaring magbigay ng maling positibong resulta.

**Pagsusuri ng Dugo (HCG)**



- Nangangailangan ng pagbisita sa ospital.
- Maghintay ng **4 hanggang 5 linggo pagkatapos** uminom ng mga tableta para sa tamang resulta.

**Ultrasound**



- Hindi kailangang magpa-ultrasound pagkatapos magpalaglag.
- Nangangailangan ng pagbisita sa ospital.
- Maghintay ng **2 linggo pagkatapos** uminom ng mga tableta para sa mas tamang resulta.

**Tandaan:** Kung ginawa ito nang wala pang 2 linggo pagkatapos uminom ng mga tableta sa pagpapalaglag, maaaring makakita pa rin ang dugo at tissue sa ultrasound.

Ang medical staff ay maaaring mag-diagnose ng isang "hindi kumpletong pagpapalaglag" at magpayo ng mga hindi kinakailangang pamamaraan.

safe2choose

Para sa karagdagang impormasyon at suporta, kontakin ang aming mga tagapayo sa pagpapalaglag sa pamamagitan ng pag-email sa ***info@safe2choose.org*** o mag-message sa live chat sa ***safe2choose.org/tg***